1

I love you, Dad.

Iyon ang mga salitang paulit-ulit na umiikot sa isip ni Kyra habang ang kanyang ama na nag-aagaw-buhay ay nakahiga sa kama. Hawak niya ang nanlalamig nitong mga kamay, nakatingin sa kanya ang dilat na dilat nitong mga mata dahil sa sakit na nararamdaman. Ang kanyang ina ay umiiyak at hindi makalapit sa asawa, maging ang mga kapatid niya ay tila mga tuod na itinulos sa kinatatayuan dahil sa kabiglaan. Siya lamang ang nakalapit at humahawak sa daddy niya.

Ilang minuto pa ay dumating na ang ambulansya. Sinuri ng mga paramedics ang matanda at binigyan ng paunang lunas. But there was no heartbeat, no response from the patient. Dahan-dahan, binuhat na ng mga ito ang kanyang ama saka dinala sa sasakyan.

Habang ang lahat ay mabibilis ang galaw at walang patid sa pag-aalala, nakatayo lang siya. Hindi gumagana ang kanyang isip, nakatingin lamang siya sa ambulansyang papaalis na nang mga sandaling iyon. Hindi siya makapaniwalang dumating na ang araw na kinatatakutan nila.

Her father had cancer, cancer of the liver. Akala niya ay tanggap na niya kung saka-sakaling darating ang araw na kukunin na ng Diyos ang kanyang ama, ngunit nagkamali siya. Mahirap pala kung nasa sitwasyon na.

Hindi niya napansing nag-iisa na siya. What now? Her conscience kept asking her questions that she could not explain. Then, her eyes felt the sudden pain, tears fell down easily. Sobbing like a child, she cursed herself why she didn't tell him how much she loved him...

One blink, nagising na siya. Panaginip lang pala ang lahat. Two years had passed but the day when her father died lingered in her memory. Alas cinco na pala ng umaga, oras na upang bumangon siya. Sinubukan niyang huwag na lang isipin ang panaginip.

Inayos niya ang sarili bilang paghahanda sa paglabas.

"Another day to survive, Kyra," aniya sa mahinang tinig.

She packed her things and went outside the house after a few hours. A sunny day welcomed her. Kung gaano kaganda ang panahon, hindi man lang niya ma-appreciate. Binabati siya ng mga taong nakakasalubong niya, ngunit naglalakad lang siya

nang derecho na hindi alintana ang mga ito.

This was her nature, she was born snobbish at people she didn't know. Not only that, she was the rebellious daughter. Her mom hated her, her brothers and sisters didn't like her and even her relatives. The only person that loved her was her father, tanggap siya sa kung ano ang ugali niya, kung ano siya. At ngayon, wala na ito nang hindi man lang niya naiparamdam ang pagmamahal ng isang anak na katulad niya.

Damn! I'm starting to do this again, being a drama queen!

Napansin niyang nakarating na pala siya sa waiting shed. Tumunog ang kanyang cellphone; ang ina niya ang tumatawag.

Shit! Ano na naman?

Mag-uumpisa na naman ba ito sa 'morning session'—sermon session, to be exact. Nagdadalawang-isip siya kung sasagutin iyon o hindi. Subalit may munting tinig na nag-uudyok sa kanya na tanggapin ang tawag.

"Hmm?" Iyon lang sagot ni Kyra sa kanyang ina.

"At last, you answered my call. Alam mo ba

kung ilang beses na kitang tinatawagan?" A hint of irritation could be traced in the old lady's voice. "So much for that. Gusto ko lang na i-inform ka na ngayon ang birthday ng kapatid mong si Joan. Baka sabihin mo naman na hindi ka namin iniimbitahan. Mamayang gabi ang party niya, dito."

"I'm too busy to come, I'll just send her my gift some other time."

"Still rebellious, how can you keep up like this? Dalawang taon na ang lumipas simula nang mamatay ang dad mo, hindi ka pa din magbabago?"

Here we go again!

Hindi na lang niya binigyan ng masyadong pansin ang sinabi nito. "Mom, sa susunod na lang tayo mag-usap. Nasa daan ako."

"Kyra, don't you dare—"

She hung up, smiling like a hyena. Tamang-tama dahil may isang taxi ang tumigil sa harapan niya. Nalimutan na niya ang pinag-usapan nila ng kanyang ina. She went inside the public vehicle and gave instructions to the cab driver.

"Kuya, sa Pasay tayo, *CCP*." Hindi niya napansin ang hitsura ng driver dahil sa hinahanap niya sa loob

ng bag ang wallet.

"Ma'am, paano pumunta d'un? Bigyan mo na lang ako ng direksyon sa mga dadaanan natin."

What the hell! Tumigil siya sa ginagawa at tumingin sa rearview mirror. She was expecting a promdi—not good-looking, quite old. Nagkamali siya; isang magandang lalaki ang bumungad sa kanya—brown eyes, brown hair layered short, firm nose, squared jawline, gentle but manly face. Ito ang tipo ng lalaking pag-iilusyunan ng kababaihan.

Nawala ang inis na nararamdaman niya, napalitan ng kaba. Weird, feeling like this was new to her. Instead ofentertaining this newly acquainted feeling, naging pormal siya.

"Paano ka naging taxi driver kung hindi mo alam ang papunta sa Pasay? P'wede kitang isumbong sa boss mo!"

His eyes were sharp as a knife, could penetrate and stab her a million times. "Ganyan ka ba talaga kasungit? I'm just new, please bear with me. Kung hindi mo naman gusto, p'wede ka namang bumaba."

"Wow!" Kyra said sarcastically. "You have a nerve to tell me that, even you're *just* a cab driver?" Napailing siya sa inis, pagkuwan ay nasilip ang oras

sa kanyang relo. Male-late na siya! “Kung hindi lang ako male-late, talagang magrereklamo ako sa management n’yo! Pasalamat ka! Sige na, iandar mo na. Sasabihin ko na sa ’yo kung ano ang mga dadaanan natin.”

Sinunod nito ang sinabi niya, ngunit ang mga mata nito ay matalim tulad ng sibat. Ibinigay niya ang mga direksyon at pinagtakbo naman nito. There were times she accidentally looked at him in the mirror. Curiosity came over her, did he have a girlfriend? Was he really a taxi driver? Mas mukha kasi itong modelo.

“Ma’am, saan na ang sunod na dadaanan natin?”

Confused, she stuttered, “A-ano, d-diyan n-na lang sa tabi.” Great! A while ago, she was nervous seeing him. Now, she stammered. What did this man do to her?

Shit! Kyra Mae Alejandrino, umayos ka nga! Ngayon ka lang ba nakakita ng guwapong taxi driver? Honestly, indeed this was the first time.

Nang huminto ang taxi, bumaba na siya. Nagmamadali siyang naglakad upang makalayo sa sasakyan nito. She heard him shout, called someone but she didn’t glance back at him. Mayamaya ay isang kamay ang humawak sa kanya. Hysterical, she

screamed. Kinakabahan siya.

"Tumigil ka nga sa kakasigaw!" It was the handsome taxi driver. Tinakpan nito ang kanyang bibig, pinigilan siya sa kasisigaw. "Kanina pa kita tinatawag, hindi mo pa 'ko binabayaran! Sinungitan mo na nga ako, dudugasan mo pa 'ko!" Slowly, he released her from his grip.

The accidental encounter sent sensuality to her nerves. She felt a thousand watts zap through her whole body. His warm hand touched her lips, created goosebumps all over her. And as her eyes roamed around him, she cursed inwardly. The man was erotic, sexy from head to toe.

Lips pa lang, sarap nang papakin!

Inuga niya ang sarili. *Hindi ito ang oras para isipin 'yan! Ano ka ba!* Indeed, her conscience was right.

"How dare you accuse me! Hindi ako gan'un klaseng tao!" Nagmamadaling kinuha niya ang wallet, dumukot ng isang libong piso. "Isaksak mo 'yan sa baga mo!" Galit na itinapon niya rito ang pera na nahulog sa pavement. Gustung-gusto na niyang sampalin ito, pinigilan niya lang ang sarili.

"Pulutin mo 'yan!"

"Ayoko! Ikaw ang pumulot niyan! Saka kung p'wede lang, bumalik ka na nga sa sira-sira mong taxi!"

"Sira?" Tumawa ito nang malakas at nakuha nito ang attention ng mga tao. Lumapit ito, hinawakan siya magkabilang braso at sa panggigilalas niya, siniil siya nito ng halik sa mga labi!

Holy cow! Sa harapan ng maraming tao, hinalikan siya nito. Pinagkumpulan sila na animo may shooting ng pelikula na nangyayari. Gusto niyang sipain ang lalaki upang makawala sa maghigpit nitong hawak ngunit hindi niya magawa. Nanlalaki ang mga mata niya sa kapangahasan nito. Her heart kept beating fast and her blood rushed quickly throughout her body. Nakaramdam siya ng init sa kanyang paligid. She felt intoxicated by the feel of his sensual lips against hers. The kiss lasted for a few seconds. Then, he released her.

"That serves you right. Next time, learn to pay before you get out of a taxi." Tumalikod na ito at nagsimulang maglakad papalayo sa kanya.

Naiwang nakatulala si Kyra sa kinatatayuan niya.

Kinabukasan...

Nagising si Kyra dahil sa ingay na likha ng mga katok sa pinto ng unit niya

Sino naman 'yan? Kunsumidong tinungo niya ang pinto. Nakadinig uli siya ng katok. Nang buksan niya ang pinto, tumambad sa harapan niya si Ira, ang kanyang matalik na kaibigan.

"Marunong ka palang maglihim sa 'kin!" Magkasalubong ang mga kilay nito, senyales na galit ito sa kanya.

Nagtaka siya. "Ha? What did I do? Anong lihim?"

Dere-derecho lang itong pumasok sa loob ng unit niya at ipinakita sa kanya ang hawak na dyaryo. "Now, you know what I mean? Bakit hindi mo man lang sinabi sa 'kin na may boyfriend ka na?" Tinuro nito ang isang litrato sa front page.

She didn't answer her friend's question. Her mind was too occupied by the news. Nandoon siya, kuhang-kuha ang kissing scene nila ng taxi driver na iyon! *Shit! Bakit nandito ako? Sino ang kumuha nito?* Binasa niya ang mga nakasulat. Shocked from the news, the paper fell down from her hands. "What the f*ck!"

"Hoy!" Hinawakan nito ang kanyang kamay. "Are you okay? Alam kong ginagawa n'yong sekreto

ang—”

“Mali ang lahat ng mga nakalagay diyan!”

“Ang alin? Na girlfriend ka ni Gerard Quirino, one of the top ten richest men in Asia?”

“Yes! Maling-mali talaga! Saka nasa hitsura ko ba ang patulan ng kumag na ’yun?”

Hinawakan ni Ira ang baba nito na tila may malalim na iniisip. “Sabagay, may punto ka. Hitsura pa lang, imposible nang patulan ka niya.”

Matalim ang tingin na ipinukol niya rito. “Gusto mong kainin ang dyaryo na ’yan?”

“Peace na, I’m just kidding. Hindi ka naman mabiro.”

“Sa tingin mo ba kaya ko pang tumanggap ng mga biro sa ganitong sitwasyon?” Nasabunot ni Kyra ang kanyang buhok. “God, what’s happening! Karma ba sa ’kin to? Bakit ba kasi sa dinami-dami ng taxi driver, siya pa!”

Napapantastikuhang tumingin ito sa kanya. “Taxi driver? Hindi ako makasunod sa mga sinasabi mo. Magpaliwanag ka nga.”

“’Tsaka na lang, I have to find him. Kailangan

kong kausapin si Gerard Quirino." Bago pa ito makareklamo, pumasok na siya kaagad sa banyo. Due to haste, she forgot to strip her clothes. Cold water splashed on her body. She forgot to set the heater. *Kasalanan ito ng damuhong lalaking iyon! Humanda talaga siya sa 'kin!* Ipinagpatuloy na lang niya ang pagligo.

Matapos ayusin ang sarili, naghanda na siyang lumabas. Alam niya kung saan niya makikita ang lalaking sinungaling; sa pinakakilalang building na pag-aari nito sa Makati, ang *Atom Building*. Habang lulan siya ng taxi, panay na ang mga naiisip niyang pananakit na gagawin sa ungas na iyon.

Nang makarating sa destinasyon, binayaran niya ang driver saka lumabas ng taxi. Nabigla siya sa nakita; a dozen of reporters came near stampeding to scoop on her.

Anak ng tipaklong! Bago pa siya makalayo, nakalapit na ang mga ito, panay ang kuha ng video sa kanya, panay ang mga tanong ng mga ito. Mostly asking what was the real score between her and the liar.

Nahihilo na siya sa sobrang dami ng mga ito. Lacking oxygen, she felt her world was spinning. Then, somebody snatched her. *Whoa! What's going*

on? Wala na siya sa paligid ng nagkukumpulang mga reporter. Mabilis silang naglalakad ng taong humablot sa kanya, isang lalaki.

She gazed at him... the liar! Ito ang tumulong sa kanya! He was wearing a three-piece black suit that complimented the color of his pupils. Many women would be delirious just seeing him. Kahit siya ay parang mapuputol na ang pisi ng katinuan sa sobrang kakisigan nito. At sa magkabilang gilid nila, dalawang lalaki ang nakasunod, waring mga bodyguards.

Nang nasa loob ng building, bumalik sa katinuan si Kyra. “You asshole! Bitawan mo nga ako!”

Kumunot ang noo nito pero ginawa naman ang kanyang sinabi. “Miss Sungit, hindi ganyan ang dapat sabihin mo sa ’kin. Dapat thank you.”

“Sinabi ko bang tulungan mo ko? Ang pagkakatanda ko, wala naman akong isinisigaw kanina. Nadinig mo ba ’kong humingi ng tulong? Isa pa, may atraso ka sa ’kin! Hindi ka naman pala taxi driver! Sabihin mo nga, ano’ng motibo mo para gawin ’yun?”

“God! You’re so stubborn!” Holding his head, he tried to be calm when he faced her again. “Alam kong makikipag-usap ka sa ’kin tungkol sa balita. Am

I right?"

"Damn right! Start explaining!"

"This is not the right place." Gerard talked to the two men, his bodyguards. Inutusan nitong asikasuhin ang security. He glanced back at her. "Let's go to my office."

She let him lead the way. Sa balitang kumalat, halos lahat ng taong nakakasalubong nila ay tinitingnan sila. She heard some of them whispering, gossiping about the two of them.

Kasalanan niyang lahat ito! Shit!

Sumakay sila sa elevator. The man pushed the button leading to the penthouse. Minuto ng katahimikan ang namayani sa kanila. Ang lalaki, hindi niya alam kung bakit tahimik, kung ano ang tumatakbo sa utak nito. Siya, nag-iisip na ng mga sasabihin, mga puwedeng ikaso laban dito. Kung hindi maaayos ang sigalot sa pagitan nilang dalawa, she would tear him apart!

The elevator opened, they reached the penthouse. Sa pasilyo pa lang, maganda na. Sa dulo, isang may-edad na babae ang nakaupo sa harap ng mesa nito. Binati nito ang lalaki at tumango lang ito bago dumerecho sa pinto. Isang malaki at magarang

opisina ang bumungad sa kanya. Napamangha siya sa nakita.

"Hey!" puna nito sa kanya. "Tatayo ka na lang ba diyan o mag-uusap tayo?"

Pumasok na siya. Still fascinated, she kept her hands in her pockets, pinipigilang hawakan ang mamahaling vases na naka-display. Pumunta sila sa dalawang sofa na magkaharap. Gaya ng ibang mga gamit, siguradong mamahalin din ang mga ito.

He sat down at the opposite side. "Sit down."

Nagdadalawang-isip pa ang dalaga kung gagawin ang sinabi nito. But this wasn't the time for hesitation. She needed to talk to him, now! Umupo na nga siya at inumpisahan na ang dapat simulan. "Mr. Quirino—"

"No need for formalities. Just call me 'Gerard'. Pero 'yung mga close sa 'kin, 'Gerry' ang tawag nila. Pick one."

Hindi naman sila close kaya pinili na lang niya ang una. "Gerard, I'm here because of the news. I want a press conference and you will deny the news about us having a relationship!" Matigas na matigas ang pagkakasabi niya, walang katinag-tinag.

He grinned sexily. Women around the world

would go crazy by that look. “Why will I do that? Aren’t you happy that you’re my so-called girlfriend?”

“Bakit naman ako magiging masaya? For your information, simula nang pumutok ang chismis tungkol sa ’ting dalawa, puro kamalasan na ang nangyari sa ’kin!”

He stared at her, a very earth-shaking look that would take the thousand storms. “You know, many women would want to be in your situation.”

Nagkatinginan silang dalawa, kulang na lang ay mahimatay siya ngayon. Peculiar, by one stare she could be mindless, ngunit hindi siya puwedeng magpatalo sa mala-hipnotismong tingin nito. Hindi maaari!

“Well, I’m not one of them! And besides, I didn’t enjoy the kiss we had.”

Nagkibit-balikat lang ito. “Okay, s’abi mo. But I can’t favor the press conference. Let’s just wait for a few months, siguradong mamamatay din ang issue tungkol sa ’ting dalawa.”

“How many months? Gaano katagal?”

“I don’t know, one month maybe. Two, three or six months, basta hindi ko alam kung gaano katagal.”

"What!" Nanlilisik ang mga mata ni Kyra. "I want a press conference, now!"

"Ganito na lang ang gawin natin." He sat back and relaxed. Siya naman ay nanggagalaiti sa galit. "Work for me as my secretary. Tutal naman magre-retire na ang sekretarya ko, ikaw na lang ang papalit sa kanya. While you work here, I'll pay double the salary you have on your previous job and I will assure your security."

"Security, my ass! I'm not tempted with your offer! Ang gusto ko, matanggal ang issue sa 'ting dalawa! Hindi ako ang girlfriend mo!"

Before the man could explain again, the door opened. Nagulat siya sa mga taong nakita. Kasama ng matandang sekretarya nito ang kanyang nakakatandang kapatid, si Kuya Karl. Kahit ito ay nagulat pagkakita sa kanya.

"Kyra, what are you doing here?"

Bago pa siya makapagpaliwanag, inunahan na siya ni Gerard. "Mr. Alejandrino, can you wait a little longer? Tatapusin ko lang ang usapan namin ni Kyra."

Her brother nodded and closed the door with the secretary. Nabigla siya, kilala siya nito? Then, her brain worked. Nalaman lang nito ang pangalan niya

dahil sa kapatid niya, when Karl called her. Lumingon siya sa lalaki, confident na confident ito.

"Nandito ang kapatid mo dahil humihingi siya ng tulong. Your father's company, it's bankrupt."

"What? Paano? Bakit?" Hindi siya makapaniwala sa mga nadidinig niya. Ang kompanyang pinagpagurang palaguin ng kanyang ama ay mawawala na lang na parang bula.

"I can answer your questions later. But now, I'm willing to help you and your family if…"

"If what?"

"If you work for me, Miss Kyra Mae Alejandrino. Kung hindi ka papayag, alam mo na ang mangyayari sa kompanyang pinaghirapang itayo at palaguin ng iyong ama. Ako lang ang maaaring makatulong sa inyo."

He knew her full name. It meant from the very start, he knew who she was when she rode his cab. Kung mayaman ito, bakit nagpanggap itong taxi driver nang panahon na iyon? Siguro pinaglalaruan lang siya nito. This time, the bankruptcy was only a game. Kasi kung talagang palugi na ang kompanya, siguradong nagpa-panic na ang kanyang ina.

"You're lying!"

His brow wrinkled. "Gusto mo pa ng ebidensya? Fine." He reached for the phone and called his secretary to ask for her brother to come in.

"Thank you for coming, Mr. Alejandrino," anito nang pumasok sa loob ang kapatid niya.

"The pleasure is mine, Gerard. About your plan to invest in our company, I think it can be settled—"

"Kuya, totoo ba?" She couldn't help it, sumingit na talaga siya sa usapan. "Nalulugi na ang *Star Incorporated*? Sabihin mo sa 'kin ang totoo."

Ang kanyang kapatid ay tahimik lang. Ibig sabihin, totoo nga ang lahat, nalulugi na nga ang kanilang kompanya. The only person who had the power and could help them was this man in front of her—Gerard *The Liar* Quirino.

"You see, Mr. Alejandrino, your sister doesn't believe what I said a while ago about your company. And I also gave her an offer to save it." Very businesslike ang approach nito. Nakikipag-usap na ang damuhong lalaki sa Kuya Karl niya. "Nasa kanyang kamay ang lahat. And if she refuses, you know what will happen."

"Kyra," baling ni Karl sa kanya, "kung ano man ang hinihingi niya, ibigay mo na."

"Paano kung hingin niya sa 'kin ang katawan ko?"

"Iyon ba ang hiningi niya?"

Hindi siya nakapagsalita. Madali lang naman ang gusto ng sinungaling na lalaking iyon, ang maging sekretarya siya nito. Ngunit ayaw pa rin niyang tanggapin, she was not the type of woman who would be submissive to a man. But how could she retain her father's legacy? He was the only solution.

"Mr. Quirino, bigyan mo sana ako ng panahon para pag-isipan ang offer mo," seryosong sabi ng dalaga.

"Gaano naman katagal?"

"Three weeks."

Umiling si Gerard. "No, three weeks is so long. One week lang, that's enough. Kung wala na kayong mga tanong, you can leave my office."

2

Huminga nang malalim si Kyra habang nakatayo sa harap ng *Atom Building*. Ipinikit niya ang mga mata, umusal ng dasal na sana ay makayanan niya ang mga mangyayari ngayon, being Gerard's new secretary. Gathering up her strength, she went inside.

Matapos ang isang linggo, ito na nga ang nangyari sa kanya. She became his secretary; she had no choice. Ilang beses niyang pinag-isipan ang bagay na ito, pero ito lang yata ang magagawa niya. Ayaw naman niyang bumagsak sa lusak ang kompanyang pinaghirapan ng kanyang ama.

Kahit hindi siya ang submissive type, kailangan niyang kainin ang kanyang pride... para sa alaala ng kanyang ama. Kailangan niyang tanggapin ang trabahong iyon. At kung sakaling makabangon muli ang *Star Incorporated*, magre-resign na siya. Lalayuan na niya si Gerard *The Liar* Quirino.

Habang siya ay naglalakad, napapatingin ang mga tao sa kanya. Hanggang ngayon, buhay pa rin ang issue tungkol sa kanila ng binata. Ang mga babaeng nakakasalubong niya ay binibigyan siya ng matalim na tingin.

What's wrong with them? nagtatakang tanong niya sa sarili.

Nang sumakay siya ng elevator, parang kusang nagbigay-puwang ang mga tao, hindi sumabay sa kanya. Pakiramdam tuloy niya ay mayroon siyang sakit na nakakahawa, kaya ayaw sumakay ng mga ito. Ngunit para sa kanya ay okay na rin ang ganito. At least, she wouldn't be conscious.

Pinindot niya ang P button upang umakyat ang elevator patungong penthouse. She couldn't control her mind from imagining negative things. Ano kaya ang mangyayari sa kanya habang kasama ang lalaki?

Seconds later, the elevator opened. Mabagal ang naging lakad niya, kinakabahan sa muli nilang pagkikita. Pagkabukas ng pinto, nadatnan niya ang lalaki na nakaupo sa tapat ng executive desk nito at nagbabasa ng dyaryo. Ni hindi man lamang ito tumingala upang i-acknowledge ang presence niya.

Porquet ba mayaman, dapat maging suplado na! asar na naisip niya.

"Good morning," walang kagana-ganang bati niya rito.

Ibinaba nito ang dyaryo at pinagmasdan siya mula paa hanggang ulo. Nang mapansin ang nakasimangot

niyang mukha, tumaas ang kilay nito. “I’m expecting a smile from you.”

“Hindi ako sanay ngumiti. So get used to it.”

“What a secretary! Just like what I really need.” Cool pa rin si Gerard habang siya ay nanggagalaiti na sa sobrang inis. “’Nga pala, the gray dress complements your eyes.”

Blushing like a teenager, she couldn’t stare right into his eyes. Nagsimulang bumilis ang tibok ng kanyang puso. Sa sobrang bilis niyon, pakiramdam niya ay aatakihin na yata siya. It was a simple compliment, nothing to be happy about. But her heart kept leaping with joy.

Nagpaka-plastic siya. “Saan ako magtatrabaho? May ipapagawa ka na ba sa ’kin?”

“I’ve made some renovations.” Itinuro nito ang isang mesa. “Mas mapapadali akong tawagin ka kung dito ka na lang din sa loob.”

Thinking a whole day with him here inside his office, she might lose her temper. *Talaga? Baka hindi naman talaga temper, sabihin mo, ma-tempt ka!* Baka ganoon na nga ang mangyari, kaya kailangan sa labas siya madestino. At least, may pader na pagitan sa kanilang dalawa.

"Mr. Quirino, mas maganda kung sa labas na lang ako. Makikita ko agad ang mga taong gustong makipag-usap sa 'yo at mai-inform kita. And you will have your own privacy."

"I gave that task to the other staff. Tatawagan na lang nila ako kung may gustong kumausap sa 'kin. And about the privacy thing…" He paused, stood up and approached her with a slow pace. He touched her face so gently that it brought goosebumps all over her. "You're not invading my privacy if that's what's bothering you, my little secretary."

"But, Mr—"

"Huwag ka nang makipagtalo, Miss Alejandrino. My decision is final. And may I remind you that I'm the boss here."

Ano pa ba ang magagawa niya? Mahirap man tanggapin pero iyon talaga ang totoo, ito ang boss niya. So, she went to her desk and started what she must do. Scanning the files, organizing what must be organized, iyon lahat ang ginawa niya. Mabuti na lamang at natutunan niya ang bagay na iyon mula sa kanyang ama.

Three hours had passed, wala pa ring nadidinig na utos si Kyra mula sa kanyang domineering

boss. Nakakatulong na rin iyon, nababawasan ang tensyong nararamdaman niya. Sinubukan na lang niya na maging abala. She started analyzing the data from the desktop computer.

"Miss Alejandrino," puna ng lalaki makaraan ang ilang minuto.

"S-Sir!" Nabigla siya. "B-bakit p-po?" Curse her voice, she couldn't deny the truth of anxiety.

"That's odd. A while ago, you're so rebellious. Now, nagiging mabait na sekretarya ka na."

Lumabas na naman ang maldita side niya. "Ano po 'yung kailangan n'yo, Kamahalan?" Her voice was stern and formal.

"The rebel came back again! That's more like it!" Tumawa ito nang malakas. "What would be my schedule for today? Mayroon ba?"

She surveyed the notes on the planner. "You have a lunch meeting with..." Nanlaki ang kanyang mga mata sa nabasa. Hindi makapaniwala na napatingin siya sa kausap. "Me? Bakit pangalan ko ang nakalagay dito? Wala naman akong kailangan na sabihin sa 'yo."

"Come on, let's not waste time."

Before she could make a second opposing

statement, Gerard already held her hand so tight that she could not escape. Nagsimula itong maglakad, napilitan tuloy siyang gumalaw kasama nito. This man could do anything he wished.

Crap! Wala man lang siyang magawa para makalayo rito. And deep down inside, her other self liked what was happening.

Akala niya ay kakain sila sa canteen, iyon pala ay pupunta sila sa isang French restaurant. Sabagay, wala naman sa hitsura ni Big Boss Gerard ang kumain sa simpleng kainan. Katulad ng nangyari kanina, pinagtitinginan sila ng mga tao.

Sitting opposite him, she secretly observed him. Like always, he was very handsome in business attire. Kahit ano yata ang suotin nito, kayang-kaya nitong dalhin. The man in front was looking smart while wearing glasses.

Curiosity rose upon Kyra, ilang taon na kaya ang lalaki? Based on his appearance, perhaps he was just twenty-seven, two years older than her. Madami na kaya itong naging girlfriend? Hindi malayong mangyari iyon.

“Wala ka bang mapili sa menu? Hindi mo ba

gusto ang French cuisine?" anito nang napuna siyang nakatingin dito.

"A-ah, okay lang ang kahit ano." Sa paraan ng pagkakatitig nito, lagi talaga siyang kakabahan at mamumula na parang makopa. Sana matanggal na ang nararamdaman niyang ganoon.

"Are you sure? Baka may iba kang gustong kainan?"

"Actually, I have something in mind. Hindi ko nga lang alam kung gugustuhin mong kumain d'un."

Immediately, he stood up. "Come on, tell me where this place is."

"Huwag na, dito na lang tayo. Umupo ka na lang ulit."

"I'll wait you in the car." Dere-derecho lang itong naglakad palabas ng restaurant.

Kita mo 'tong taong 'to! Gagawin lang ang gusto niya! inis na sabi niya sa sarili.

Sumunod na lang siya hanggang sa marating na rin niya ang sasakyan at sumakay. She was beside him. "Sigurado ka bang gusto mo d'un? Ipapaalala ko lang sa 'yo, hindi five-star restaurant 'yun. Baka mamaya niyan, magreklamo ka. Saka baka sumakit

pa ang tiyan mo pag kumain tayo d'un."

"Then, try me. S'an ba 'yun?"

"Sa Bambang."

Inutusan nito kaagad ang driver na dalhin sila roon. There was no need to ask her for directions, the driver already knew that place. Habang nasa daan, parehong tahimik lang sila. Sinubukan niyang magpakapormal sa lalaki. The truth was, while sitting next to him, her blood flowed rapidly, her heart palpitated like the speed of light and the whole car felt hot as if there was no air-conditioning system.

Thirty minutes later, nakarating na sila sa destinasyon. Gaya ng inaasahan niya, kitang-kita niya sa bintana kung gaano kadaming taong kumakain sa simpleng tapsilugan.

"Wait!" pigil niya kay Gerard bago lumabas.

"Why?"

Umisod siya palapit dito at inalis ang pagkakatali ng kurbata nito. "You need to be casual. Dapat isipin nila na employee ka lang at hindi isang bilyonaryo."

"Is that necessary?"

"Yup! Kung ayaw mong magkagripo tayo sa leeg."

Inakala ni Kyra na sasalungatin siya ng binata ngunit wala itong sinabi. Sinunod nito ang gusto niyang mangyari, ang magmukha itong casual. Ginawa nitong three-fourths ang sleeves. After that, he unbuttoned his shirt revealing his sando. From that garment, she could trace the muscular pecs, the perfectly chiseled body.

Bloody hell! Magkaka-nosebleed yata ako!

"Is this okay?"

It was more than okay; it was mouth-watering, earth-shaking. He didn't look as her boss; he looked like a male supermodel! At siya, isang PA—personal alalay. Kulang na lang ay tumulo ang laway niya sa nakikitang kakisigan.

"S-sarap."

Kumunot ng noo nito. "Ano'ng s'abi mo?"

Shit! Bakit niya nasabi iyon! Kailangang makagawa siya ng paraan. "Ang ibig kong sabihin masarap dito, masarap 'yung tapsilog. P'wede na 'yang itsura mo. Labas na tayo, baka mawalan pa tayo ng puwesto."

Nauna na siyang lumabas ng sasakyan saka huminga ng polluted na hangin. Breathe in and

breathe out, she did to calm herself. Lumabas na rin ang lalaki, sinundan siya nito sa loob ng kainan. She was expecting him to be disgusted at the place. But she was wrong; he was the one who ordered first. Pinili pa ni Gerard ay tuyosilog—tuyo, sinangag at itlog. That was new information about him.

At habang kumakain sila, ngayon lang din niya nalaman na marunong din pala itong kumain nang nakakamay. The Gerard that she was seeing right now was different from what she pictured. Napapangiti tuloy siya habang sumusubo.

"Miss Alejandrino, matutunaw na ako sa kakatingin mo," untag nito sa kanya.

"A-ano… k-kasi… a-ano…"

"You're surprised to see me like this?"

Iniiwas niya ang tingin dito at ibinaling sa kanyang pagkain. "Yes, I'm amazed that you can use your hands. Kahit nga din ang kumain ka ng tuyo, hindi ako makapaniwala."

"I do this when I'm with my friends. Ang tagal ko na ngang hindi ginagawa ito." He smiled tenderly at her. "Thank you for bringing me here," he said sincerely.

"W-walang a-anuman." Nagsisimula na namang tablan ang puso niyang hibang. "Tell me, Sir, why did you end up being a cab driver that day when we first met?"

"I was bored that time. Tumawag ako sa kaibigan ko na may-ari ng taxi company. Hindi ko siya maaya na gumala kasi may problema daw siya, wala daw magda-drive ng taxi niya. So, I volunteered."

"Nag-volunteer ka kahit hindi mo alam kung paano pumunta ng *CCP*?" Napapailing na lang siya.

"Nakapunta naman tayo, ha." He was childishly smiling at her. Muli nitong ibinalik ang pansin sa pagkain.

"How about the kiss? Bakit mo ginawa 'yun?"

Hindi sumagot ang binata. Tahimik na lang silang kumain kahit may naka-hang na tanong sa utak ni Kyra.

3

Gerard was talking with somebody while she was organizing his schedule. Akala niya ay simpleng pagtitimpla lang ng kape ang ginagawa ng mga sekretarya, mahirap din pala lalo na kung ang boss niya ay katulad ni Gerard *The Billionaire* Quirino.

Working with him sometimes pissed her off. Sometimes, the man was a pain in the ass; he was so dominating, he had many orders that he wanted done, he was always ready to argue. Kaso hindi siya pumapayag na maging sunud-sunuran lang. They had debates regularly. At kahit ganoon, he didn't fire her. Sa sobrang abala niya bilang sekretarya nito, hindi na niya namalayan na isang buwan na pala siyang nagtatrabaho sa *Atom Industries*, the leading mobile company in the Philippines.

Katatapos lang ng pakikipag-usap ng lalaki sa telepono. "Kyra, adjust my schedule on Friday until Sunday evening."

Tiningnan niyang maigi ang schedule nito sa organizer. "Sir, you have an important meeting with Mr.—"

"I don't care. I-reschedule mo na lang ang meeting namin. Pupunta tayo ng Palawan."

Napatigil siya sa gagawin sanang pag-ayos sa schedule nito. "Pardon, Sir. Tayo ba ang nadinig ko?"

"Oo, kasama kitang pupunta sa Palawan. Importante ang gagawin ko d'un. And as my secretary, you must accompany me."

Kumunot ang kanyang noo. That was the only time she would enjoy her life, stress-free because she wouldn't see him. Mapupurnada pa yata ang pagpapahinga niya! "Sir, 'yun lang ang day-off ko. Perhaps, you can ask someone else to accompany you there."

"Are you opposing what I want?"

Gusto na talaga niyang saksakin ito ng hawak niyang ballpen. Pinigilan na lang niya ang sarili. She gave him a fake smile. "No, Sir."

"Good. Then, prepare for our flight. Tawagan mo si Mr. Kim, sabihin mo sa kanya na asikasuhin ang private plane." Saglit itong tumigil bago nagpatuloy. "Don't worry about your salary, gagawin kong overtime pay ang tatlong araw na 'yun. Sagot ko din ang lahat, your food and accommodation. Problemahin mo na lang ang susuotin mo."

He dismissed her and went back to what he was doing, reading the papers on his desk. Napasimangot siya sa ginawi nito at binalingan ang telepono. Kulang na lang ay masira niya ang mga pindutan niyon sa sobrang inis.

"May problema ba, Miss Alejandrino?"

Napansin na nito ang kanyang pagdadabog. Alam niyang hindi siya puwedeng magreklamo kung gusto pa niyang makabawi sa pagkalugi ang *Star Incorporated*. Baka bawiin pa nito ang pag-invest sa kompanya ng kanyang ama.

Try to be calm, Kyra. Be submissive sometimes, girl, kahit ngayon lang. Pag maayos na ang lahat, saka mo siya gantihan.

Tama. Saka na lang niya pagaganahin ang pride. "The buttons, masyado lang matigas," palusot niya.

"Akala ko nagdadabog ka na. Because if you are, I hope you know what will happen."

Buwisit na blackmailer na ito! Pasalamat ka, may panakot ka sa 'kin! Nginitian niya lang ito kahit kabaligtaran ang nararamdaman niya. Sinunod niya ang mga ipinag-utos nito kahit ayaw niya.

———————

Friday came. Nasa bungad ng *Atom Building* si Kyra at hinihintay si Gerard. Nakasuot siya ng simple white rounded tee, a pair of short denim shorts and sandals. Nakalugay lamang ang kanyang buhok. Hindi pa rin dumadating ang kanyang boss.

Halos isang oras na siyang nakatayo roon at naiinip na siya. Kung anuman ang dahilan nito, makakatikim ito sa kanya. Sobra na talaga ang lalaki sa pagpapahintay sa kanya! Pina-practice na nga niya ang mga sasabihin niya rito.

A car stopped in front of her. Speaking of the devil, dumating na rin ito sa wakas. Tila nilipad ng hangin ang lahat ng mga nais niya sabihin dito. Sino ba naman ang hindi mauutal kung makakakita ng sobrang guwapong lalaki? Wearing a simple black collared shirt partnered with a pair of checkered cargo shorts and a pair of black high-cut sneakers, Gerard was dashing! Bumagay rin dito ang suot na light-tinted aviator shades.

Shit! Dalhin n'yo na 'ko sa ospital! Dali! Matutuluyan na yata siya. Her heart was racing and her breathing accelerated as if she just had a workout. Nanghihina na siya at pinagpapawisan.

"Siguro may kakaiba na namang pumasok diyan sa utak mo," untag nito.

"What?" Bumalik na sa lugar nito ang naglilimayon niyang diwa. She perceived what he said. "Wala akong iniisip. Teka nga lang! You said, we will meet here at eight o'clock. Anong oras na? Isang oras kang late! Hindi porque boss kita, you have the right to be late! Magpaka-role model ka naman!"

Panay pa rin ang sermon niya rito. He smiled at her. Nakakaloko ang tingin ng lalaki. Habang patuloy siya sa paglilitanya, lumapit ito sa kanya. Dahan-dahan nitong tinanggal ang suot na shades. The tantalizing brown eyes stared at her.

"Alam mo bang ikaw lang ang nakakagawa sa 'kin niyan? What if I suspend you for your behavior?"

"Me? Isu-suspend mo?" Kasing-talim ng isang lanseta ang tingin niya. "You deserve to be scolded. Kung sususpendihin mo 'ko, I don't care. Basta ang alam ko, tama ako!"

He laughed. "You're really something, Kyra. I like that. For the meantime, forget about the idea of suspension."

"Hindi mo na gagawin?"

"Why? Like what you said, nasa tama ka. Kahit ako din naman ang nasa lagay mo, gagawin ko din 'yun." Gerard took the bag from her hand. "Ako na

ang magdadala niyan."

"Huwag na po, Sir—"

His index finger touched her lips. Nagdulot iyon ng isang sensasyon na hindi niya maintindihan. Kalahati ng sarili niya ay nagustuhan ito ngunit kalahati rin ang nagsabing mali.

"Act casual, wala naman tayo sa office. You can call me 'Gerry'."

"Gerry?"

Pinigilan na siya nitong magsalita. "Puro ka tanong, Kyra. Kung hindi pa tayo aalis, siguradong mahuhuli tayo sa appointment ko."

Without further ado, he made his way to the car without waiting for her. It was nonsense to quarrel. Tama nga naman ito, kailangan na nilang umalis.

Akala niya ay isang nakabibinging katahimikan ang mangyayari sa kanilang dalawa. The opposite happened, he asked the driver to turn on the music. Isang rock band ang tumutugtog. And what amazed her, he was singing!

Aba! Dumadami na yata ang mga nalalaman ko tungkol sa kanya! Natigilan siya at natauhan. *Ano naman? Is it a big deal to know more information*

about him? Tandaan mo, strictly business relationship, no other things.

Dumating sila sa bahagi ng airport kung saan nandoon ang mga private airplanes. Nang pumasok sila sa hangar, napanganga siya. Three private planes were seen with his initials on it.

Lahat 'to sa kanya? She glanced at him, he was grinning.

"Amazed?" he softly murmured, still holding her bag. "Shall we, Kyra?" He extended his hand.

Kaba, iyon ang nararamdaman niya. Ilang segundo niyang tinitigan ang kamay nito. Nagdadalawang-isip siya kung tatanggapin iyon o hindi. Ano ang gagawin niya?

Namalayan na lamang niyang sahan-dahang gumalaw nang kusa ang kanyang kanang kamay na para bang may sarili itong isip. She held his hard and warm hand, and he gently squeezed it. Magkasunod silang sumakay ng eroplano. Being the gentleman that he was, tinulungan siya nitong makaakyat sa hagdanan. Wala pa man isang lalaki ang gumagawa ng ganito sa kanya, Kyra felt butterflies in her stomach.

Nang makabalik na siya sa sarili, napagtanto na

lang niyang nasa loob na siya ng eroplano, nakaupo habang nakakabit sa katawan niya ang seat belt. Paumpisa nang mag-take off ang private plan. Hindi sila magkatabi, nasa kabilang banda ito. How she wished to sit right next to him.

Lumalambot na ba ang puso mo? Ipinilig niya ang ulo upang magising sa pagiging hibang.

"May problema ba?"

"Wala, hindi lang ako sanay na sumakay ng eroplano," pagsisinungaling niya.

"Dapat pala tumabi na lang ako sa 'yo."

She heard clearly what he'd said. Kinakabahan tuloy siya nang sobra-sobra, pinagpapawisan nang malamig. "H-hindi, okay lang ako. Huwag mo 'kong intindihin."

"How can I not mind you if you're like that?"

"Like what?"

"Shivering like a scared cat." Napansin kasi nito ang panginginig ng boses niya.

Nang sabihin ng piloto na maaari nilang iwan ang kanilang puwesto, kumilos si Gerry. Akala niya ay pupunta lang ito sa banyo o kung saang parte ng

eroplano, ngunit nagpunta pala ito sa tabi niya, naupo sa bakanteng upuan.

Ngumiti ito. “Ayan, siguro naman hindi ka na matatakot.”

“Sino ba ang nagbigay ng ideya sa ’yo na natatakot ako? Para malaman mo, wala lang ’to sa ’kin.”

“Right, you’re not afraid then tell me the reason why you’re shivering? Bakit nanginginig ang boses mo kanina?”

Paano niya sasabihin dito ang katotohanan na ito ang dahilan? Isang malaking kasiraan sa ego niya ang malaman iyon ng lalaki. “It’s none of your business. Kahit boss pa kita.” Matigas na matigas ang pagkakasabi niya.

Tumawa ito nang napakalakas na waring ang nakikita sa kanyang pag-uugali ay nakakatawa. “Sige, I will not interrogate you. But someday, I’ll know what’s running in your secretive mind.”

She tried her best to ignore his presence. Subalit bigo siya. Kahit nakaupo lang ito habang nagbabasa at nakikinig sa dalang *mp3* player, nakukuha nito ang atensyon niya.

His masculine scent lingered in her nostrils.

A couple of times of accidental touch, it brought billion of watts throughout her body. Ramdam niya ang malakas na aura ng lalaki, nagpapadagdag sa pagiging hibang ng kanyang puso. *Crap!*

After one hour of a mind-blowing travel, nakarating na sila sa Coron, Palawan. When Kyra set foot on the ground, a beautiful paradise welcomed her. She never knew such place still existed. Huminga siya nang malalim, fresh air filled her lungs, ibang-iba sa polluted na hanging makukuha sa Maynila.

"Nagustuhan mo ba?" Nasa likuran niya ang binata.

"Yup, ngayon lang ako nakarating sa ganito kagandang lugar."

"Why? Don't you like to travel?"

"Hindi naman sa gan'un…" How could she explain her situation? At an early age, she started working for herself. Since her mother wanted to dictate what she should do, what course she should take up, she started to rebel. Sinuportahan niya ang sarili, ginawa ang gusto niya. At dahil doon, wala na siyang oras para makapag-travel pa.

Tumingin siya sa kausap. Akala niya, pipilitin pa siya nitong magkuwento. He patted her head. "I

understand if you don't want to tell me. Halika na, para makapagpahinga na tayo."

She didn't know what came over her. Ngunit bago pa makalayo ang lalaki, hinawakan niya ang braso nito. "I had no time to travel because I was supporting myself. Hindi ako umaasa sa pamilya ko. I'm an Alejandrino, but I'm not used to riches."

Inakala niyang tatanggalin nito ang kanyang kamay, subalit hinayaan lamang nitong hawakan niya ito. Lumingon ang lalaki sa kanya. "Alam ko," anito at masuyong ngumiti sa kanya.

A pair of old people approached them. Nakasuot ang mga ito ng summer outfit, masayang-masaya habang papalapit sa kanila.

"Gerry!" Binigyan kaagad ng matandang babae ang kanyang boss ng isang yakap.

Sinundan naman ito ng matandang lalaki. Niyakap din ang kanyang kasama. "I thought you will not come. Mabuti naman naisipan mo."

"Hindi ko naman p'wedeng kalimutan ang anniversary n'yo ni Mama." Gerard glanced back at her. "Kyra, they are my parents, Arthur and Genevieve Quirino."

They immediately welcomed her. Mrs. Quirino gave her a motherly hug. “Hi, Hija. Mabuti naman may dinalang bisita si Gerry.”

“Ako din po, masaya akong makilala kayo.” Binitawan siya nito, doon niya lang nagawang makapagpakilala. “Ako nga po pala si Kyra Alejandrino. I’m his secretary.”

“Secretary? I thought you’re his girlfriend,” nagtatakang sabi ng matandang babae.

“Wait, are you the daughter of Cristiano Alejandrino?” singit ng asawa nito.

“Opo, kilala n’yo po pala siya.”

“Of course, Hija. Your father was a great man. Matagal na kaming magkaibigan. But we didn’t have the chance to come to his funeral. We’re very sorry, Kyra.”

“Naiintindihan ko po kayo. Hindi n’yo na po kailangang humingi ng paumanhin.” She gave them an assuring smile.

“Ma, Pa, sa loob na natin ipagpatuloy ang usapan na ’to. Baka pagod na si Kyra.”

Sabay-sabay silang pumunta sa *Atlantis*, the only luxury hotel found in Coron, na pagmamay-ari

ng mga Quirino. And as they went inside, there was luxury everywhere. Only rich people could afford this kind of hotel. The interior was sophisticated, a mixture of modern and medieval design that gave a comfortable atmosphere.

Pare-parehas silang sumakay ng elevator, panay pa rin ang tanong ng mga ito sa kanya. Nang dumating sila sa palapag kung saan sila bababa, naghiwa-hiwalay na sila. Gerry's parents went to their room. Habang sila naman, hinatid siya nito sa kanyang magiging kuwarto.

"What can you say about my parents?" he asked while walking.

"Mabait sila at mahal na mahal ka nila."

The man nodded. "And they also like you."

"Me?" Itinuro pa niya ang sarili. "Paano mo naman nasabi 'yan? Siguro nakikita lang nila na reliable na sekretarya ako. That I'm perfect for the job."

"Nope, I think they don't." He paused. "From a different point of view, they like you."

"Ha? Hindi kita maintindihan."

Nakatitig ito sa kanya, his eyes were seducing

her. “They like you as my girlfriend.”

Nasa harapan na pala sila ng kanyang magiging kuwarto. Ito na ang nagbukas ng pinto niyon. Sa puntong iyon, parang nawala ang kanyang dila, wala siyang masabi. His deep brown eyes were still staring at her. She saw something in them, burning like fire. She felt an aura that pulled her to collide with his body, sinusubukan niya lang na labanan.

“Thank you.” Nagmamadali siyang pumasok at isinarado ang pinto. Napasandal siya roon. Ano naman kung iyon ang iniisip ng mga magulang ng lalaki? What they had was pure professional relationship. Alam niyang iyon din ang pananaw nito.

The anxiety inside her chest grew stronger and stronger whenever she was with him. So many things happened, she met his parents, knew that he was so damned sexy and he preferred to be called ‘Gerry’ than ‘Gerard’.

Sandali nga lang! She remembered that he liked to be called ‘Gerry’ to those close to him like his mother. She heard the old lady called her son by that name. Ibig bang sabihin na close na sila?

Imposible! You’re just hallucinating. Sabagay, calling him ‘Gerard’ was very formal.

Tama, wala namang ibig sabihin iyon. Imbis na isipin pa niya ang mga bagay na ganoon, dapat asikasuhin na lang niya ang kanyang mga damit.